

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Aspekto ng Pandiwa

Kakayahan: Naitutukoy ang aspekto ng pandiwa

Tukuyin ang aspekto ng pandiwang may salungguhit gamit ang mga titik: **PN** (aspektong pangnagdaan), **PK** (aspektong pangkasalukuyan), **PH** (aspektong panghinaharap), **KT** (aspektong katatapos), o **PW** (aspektong neutral o pawatas).

- _____ 1. Ikinuwento ni Aling Nena ang kanyang karanasan bilang nars sa Amerika.
- _____ 2. Masarap pakinggan ang magandang boses ng mang-aawit.
- _____ 3. Ang tanggapan namin ay naghahanap ng mga bagong empleyado.
- _____ 4. Kasisimula mo lang ng trabaho, pagod ka na agad?
- _____ 5. Ang taong matiyaga ay aahon din sa kahirapan balang araw.
- _____ 6. Ibinahagi niya sa amin ang kanyang kaalaman sa pagtatanim.
- _____ 7. Ang lisanin ang inang-bayan ay hindi ko magagawa kailanman.
- _____ 8. Katatawag lang ni Roberto sa telepono at hinahanap ka.
- _____ 9. Si Dara ay nagbabanlaw na ng kanyang mga damit.
- _____ 10. Ihahanda ko ang lahat ng kasangkapan para sa pagtatanim.
- _____ 11. Dapat laging tiyakin na tama ang paggamit ng kasangkapan.
- _____ 12. Isinumite na namin kahapon ang ulat sa komite.
- _____ 13. Buti na lang maganang kumain ang mga anak ko.
- _____ 14. Lalong sumasaya ang mga bata kapag kalaro namin sila.
- _____ 15. Daragdagan ni Tatay ang perang binabaon natin araw-araw.

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy ng Aspekto ng Pandiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy ang aspekto ng pandiwa

Tukuyin ang aspekto ng pandiwang may salungguhit gamit ang mga titik: **PN** (aspektong pangnagdaan), **PK** (aspektong pangkasalukuyan), **PH** (aspektong panghinaharap), **KT** (aspektong katatapos), o **PW** (aspektong neutral o pawatas).

- PN 1. Ikinuwento ni Aling Nena ang kanyang karanasan bilang nars sa Amerika.
- PW 2. Masarap pakinggan ang magandang boses ng mang-aawit.
- PK 3. Ang tanggapan namin ay naghahanap ng mga bagong empleyado.
- KT 4. Kasisimula mo lang ng trabaho, pagod ka na agad?
- PH 5. Ang taong matiyaga ay aahon din sa kahirapan balang araw.
- PN 6. Ibinahagi niya sa amin ang kanyang kaalaman sa pagtatanim.
- PW 7. Ang lisanin ang inang-bayan ay hindi ko magagawa kailanman.
- KT 8. Katatawag lang ni Roberto sa telepono at hinahanap ka.
- PK 9. Si Dara ay nagbabanlaw na ng kanyang mga damit.
- PH 10. Ihahanda ko ang lahat ng kasangkapan para sa pagtatanim.
- PW 11. Dapat laging tiyakin na tama ang paggamit ng kasangkapan.
- PN 12. Isinumite na namin kahapon ang ulat sa komite.
- PW 13. Buti na lang maganang kumain ang mga anak ko.
- PK 14. Lalong sumasaya ang mga bata kapag kalaro namin sila.
- PH 15. Daragdagan ni Tatay ang perang binabaon natin araw-araw.